# Salitang buhay

gabay ng mga nagmimisyong lingkod ng Panginoon



Ikadalawampung Linggo pagkaraan ng

# Pentekostes

TAON B | OKTUBRE 06, 2024 | LUNTIAN

**PANIMULA**

*Namumuno* Magandang araw po sa ating lahat, ngayon po ay nagdiriwang tayo ng Ikadalawampung Linggo pagkaraan ng Pentekostes.

Ang simbahan ay bahagi ng katawan ni Kristo. Ibig sabihin nito, magkaugnay ang ulo sa buong bahagi ng katawan at sila'y nagkakaisa. Para itong pagsasama ng dalawang ikinasal. Ipinababatid na ang nagsasama ay kailangang magtiyaga, magdamayan, at patuloy na magmahalan. Tayo bilang bahagi ng simbahan, ikinasal din tayo kay Kristo. Katulad ni Hesus, nagtiis Siyang dalhin ang ating mga kasalanan kung kaya't tayo man ay nararapat na magtiis din sa gitna ng pagsubok. Magkaisa din tayo kay Kristo para mapangyari ang kaharian Niya dito sa lupa at magpapatuloy na ipadadama ang pagmamahalan dito sa lupa upang

matagumpay na maisapamuhay ang Kanyang buong pagpapala.

*Tatayo ang lahat para sa pagsisimula ng Banal na Misa.*

**PANALANGING PAMBUNGAD**

*Pari* O Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan, ang awa Mo ay higit pa sa nararapat hilingin at kamtin ng Iyong mga nilikha: Maghari Ka nawa sa aming mga tahanan upang patuloy na mabigkis ang Iyong mga anak sa tamis ng pagmamahalan, paggagalangan, kapayapaan at kaunlaran; alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristo na aming Panginoon, na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at Espiritu Santo, iisang Diyos, ngayon at magpakailanman. *Amen.*

*Uupo ang lahat upang pakinggan ang mga pagbasa.*

**UNANG PAGBASA |** Genesis 2:18-24 **|**

*Ang tao'y nilikha ng Diyos upang maging tagapangalaga sa mundo. Ang lalaki at babae'y pinagbuklod upang magkatuwang na magpalago sa kaharian ng Diyos dito sa lupa. Ito'y isang paghamon na ang pinagsama ng Panginoon ang siyang magtutulungan para sa ikauunlad ng isang pamayanan at ang pakikiisa nito sa ministeryo ng Diyos dito sa lupa.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula aklat ng Genesis.**

Sinabi ng Panginoong Diyos: "Hindi mainam na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong." Kaya, lumikha siya ng mga hayop sa parang at ibon sa

himpapawid, inilapit sa tao, at ipinaubaya dito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itawag, iyon ang magiging pangalan nila. Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon at mga hayop, maging maamo o mailap. Ngunit wala isa man sa mga ito ang angkop na kasama at katulong niya. Kaya't pinatulog ng Panginoon ang tao. Samantalang nahihimbing, kinuha niya ang isang tadyang nito at pinaghilom ang laman sa tapat niyon. Ang tadyang na iyo'y ginawa niyang isang babae, at inilapit sa lalaki. Sinabi ng lalaki, "Sa wakas, narito ang isang tulad ko, laman ng aking laman, buto ng aking buto; babae ang siyang itatawag sa kanya sapagkat sa lalaki nagmula siya." Ito ang dahilan kaya iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina upang sumama sa kanyang asawa, sapagkat sila'y nagiging iisa.

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
*Bayan* ***Salamat sa Diyos.***

**SALMO RESPONSORIO |** Awit 28 **|**

**MAPALAD ANG MAY TAKOT SA POON, SA KAKULANGAN SIYA'Y LAGING INAAHON**

*Namumuno* Mapalad ang bawat tao na sa Diyos ay may takot, ang maalab na adhika'y sumunod sa kanyang utos. Hindi siya magkukulang sa anumang kailangan, ang buhay ay maligaya't uunlad ang kanyang buhay. **TUGON.**

*Namumuno* Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas na mabunga. Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n'ya. **TUGON.**

*Namumuno* Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng

Diyos ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-unlad ng Jerusalem. **TUGON.**

*Namumuno* Ang magiging iyong apo, nawa ikaw ay abutin, nawa'y maging mapayapa itong bayan ng Israel! **HULING TUGON.**

**IKALAWANG PAGBASA |** Hebreo 1:1-4, 2:5-12 **|**

*Sa pamamagitan ni Hesus, tayo'y itinuring na Kanyang mga kapatid sapagkat ninanais Niyang ang Kanyang mga kapatid ay matulungan at mapaging-banal sa kaluwalhatian. Sa pamamagitan ng paghahain Niya ng Kanyang sarili para sa atin, patuloy Niyang ipinapakita ang Kanyang pagmamahal tulad ng pagmamahal ng ama sa Kanyang anak at tulad din ng pagmamahal ng dalawang nag-iibigan sa kanilang pamilya. Ninanais ng Diyos na tayo'y tumulad sa Kanya upang ang lahat ay maparisan ang Kanyang mabubuting ginawa sa mundong ating tahanan.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo.**

Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno sa iba't-ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta. Ngunit ngayon, siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sansinukob at siya ang itinalaga niyang magmay-ari ng lahat ng bagay. Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos, sapagkat kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak. Siya ang nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Pagkatapos niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, siya'y lumuklok sa kanan ng Diyos, ang makapangyarihan sa lahat. Hindi sa mga anghel ipinailalim ng Diyos ang sanlibutan na noo'y kanyang lilikhain – ang sanlibutang tinutukoy namin. Sa halip ay ganito ang patunay sa isang bahagi ng Kasulatan, "Ano ang tao upang iyong

pangalagaan? Sandaling panahong siya'y pinababa mo kaysa mga anghel, ngunit pinagkalooban mo siya ng kadakilaan at karangalang marapat sa isang hari, at ipinailalim mo sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay." Nang ipailalim ng Diyos ang lahat ng bagay sa kapangyarihan ng tao, walang bagay na di ipinailalim sa kanya. Sa kasalukuyan, hindi pa natin nakikitang napapailalim sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay. Subalit alam nating si Hesus, bagamat sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, niloob niya na si Hesus ay mamatay para sa ating lahat. Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya'y pinapaging-ganap ng Diyos na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Marapat lamang na gawin niya iyon sapagkat si Hesus ang pinagmumulan ng kanilang kaligtasan. Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila, at iisa ang Ama ng nagpapabanal at ng pinapaging-banal. Kaya't hindi niya ikinahiyang tawagin silang mga kapatid. Ganito ang kanyang sinabi: "Ipapahayag ko sa aking mga kapatid ang iyong pangalan, at aawit ako ng papuri sa iyo sa gitna ng kapulungan."

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Salamat sa Diyos.***

*Tatayo ang lahat sa Banal na Ebanghelyo ng Panginoon.*

**ANG EBANGHELYO |** Marcos 10:2-16 **|**

*Aleluya! Aleluya! Sila'y magiging isa.' Kaya't hindi na sila dalawa kundi isa. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao! Aleluya! Aleluya!*
***-Marcos 10:8-9***

*Pari* Ang Panginoon ay sumainyo.

***Bayan*** ***At sumaiyo rin.***

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.

***Bayan*** ***Luwalhati sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

Noong panahong iyon, may mga Pariseong lumapit kay Hesus. Ibig nilang masilo siya kaya't kanilang tinanong, "Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa?" Tugon niya, "Ano ang utos sa inyo ni Moises?" Sumagot naman sila, "Ipinahintulot ni Moises na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa matapos bigyan ng kasulatan sa paghihiwalay." Ngunit sinabi ni Hesus, "Dahil sa katigasan ng inyong ulo kaya niya inilagda ang utos na ito. Subalit sa pasimula pa, nang likhain ng Diyos ang sanlibutan: 'Nilalang niya silang lalaki at babae. Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa, at sila'y magiging isa.' Kaya't hindi na sila dalawa kundi isa. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao." Pagdating sa bahay, ang mga alagad naman ang nagtanong kay Hesus tungkol sa bagay na ito. Sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang lalaking humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay gumagawa ng masama sa kanyang asawa – siya'y nangangalunya. At ang babaing humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay nangangalunya rin." May nagdala ng mga bata kay Hesus upang hilinging ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay; ngunit pinagwikaan sila ng mga alagad. Nagalit si Hesus nang makita ito, at sinabi sa kanila, "Pabayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata, huwag ninyo silang sawayin, sapagkat sa mga katulad nila naghahari ang Diyos. Ito ang tandaan ninyo: ang sinumang hindi tumatanggap sa paghahari ng Diyos tulad ng isang maliit na bata ay hindi mapapabilang sa mga pinaghaharian niya." At kinalong ni Hesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at pinagpala sila.

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Papuri sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

*Isusunod ang Homilya at ipagpapatuloy sa Liturhiya ng Banal na Eukaristiya.*

**PANALANGIN NG BAYAN**
*Luluhod ang lahat.*

*Pari* Batay sa mga aral ng mga pagbasa ngayon na pahalagahan ang kabanalan ng kasal at ang kahalagahan nito sa balak ng Diyos, manalangin tayo ngayon para sa lahat ng pamilya sa buong daigdig: ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Nawa ang buong Simbahan sa daigdig, sa pamumuno ng mga Obispo, ay matagumpay na maitaguyod ang kaisahan at katatagan ng mga pamilya. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Nawa pahalagahan ng lahat ng Kristiyanong binyagan ang kabanalan ng kasal at ipagtanggol ito laban sa lahat ng pagbatikos at pagbabago. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Nawa ang mga mag-asawang dumaranas ng krisis sa kanilang relasyon ay makatagpo ng lakas para mapagtagumpayan ang mga problema sa pamamagitan ng dasal at malasakit sa kanilang mga anak. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Nawa pahalagahan ng lahat ng guro ang bokasyon na kaloob sa kanila ng Diyos at magturo sila nang may pagmamahal. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Nawa maisabuhay natin ang ating pinaniniwalaan bilang mga Kristiyano at maihanay ang ating buhay ayon sa mga katotohanan ng ating pananampalataya. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Nawa'y maipagtaguyod nating lahat ang gawaing pagpapakabanal sa ating pamumuhay, sa pananagutan sa isa't isa, upang mapalaganap ang kaisahan, diwa ng pakikisalamuha at pakikiisa sa misyon ng Simbahan ng lahat mga mga pari, relihiyoso, at laiko. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Sa katahimikan, idalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan.

*Maglaan ng sandaling katahimikan.*

*Pari* Manalangin tayo.

Panginoong Diyos, sa Iyong plano para sa sangkatauhan, ibig Mo na ang bawat pamilya ay maging isang sakramento ng Iyong mabungang pagmamahal. Pagkalooban Mo ang lahat ng pamilya ng kasaganaan ng Iyong biyaya at kasiyahan ng Iyong presensiya.

Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. *Amen.*